

CHAPTER One

“*Why me, Papa?*” naiiyak na tanong ni Bea sa ama. “Bakit hindi si Ate Ria o si Anya?” tukoy niya sa dalawang kapatid na babae.

Noon pa man ay ipinaalam na sa kanila ng mga magulang na balang araw ay kakailanganing maging isa ang pamilya del Rio at pamilya Fernandez. Isa sa kanilang magkakapatid ang magiging sacrificial lamb sa kasalang magaganap. Hindi niya sineryoso ang bagay na iyon dahil confident siyang hindi siya ang mapipili.

“Are you complaining, Bea?” malamig at maawtoridad na balik-tanong ni Don Roberto sa anak.

“Papa, I’m not. Alam n’yo na hindi ako puwedeng tumanggi... at kahit ayaw ko, susunod pa rin ako.” Napansin niyang nakahinga nang maluwa ang ama sa huli niyang sinabi. “Ang gusto ko lang malaman... bakit ako?”

“Dahil ikaw ang pinili,” mariing pahayag ng Don, halatang ayaw nang pahabain pa ang usapan.

At sino’ng pumili sa akin, the older or the younger del Rio? Kung si Rovic na siyang nakakabata, dapat si Anya ang piliin nito. Parehong edad disiocho ang dalawa. Kung si Nathan naman, dapat ang Ate Ria niya. Nathan was thirty two years old, Ria was twenty nine.

Bea was twenty five.

“Bea, Nathaniel is going to be your husband.”

“Oh, that impertinent man! Siya ba ang pumili sa akin?” Umikot ang mga mata niya. Alam ni Nathan na nanliligaw sa kanya ang cousin slash best friend nitong si Zane. Kaya naman pala kapag nakakasama nila ito sa lakad ng barkada ay panay ang kantiyaw nito na hindi magtatagumpay sa binabalak ang pinsan. Plano na niyang sagutin si Zane matapos siyang ipakilala ng binata sa pamilya nito. Iyon lang, hanggang ngayon ay hindi pa rin siya isinasama ng lalaki sa bahay ng mga magulang

nito.

Teka, magpinsan nga pala ang dalawa. Baka puwedeng sila na lang ni Zane ang pakasal? “Papa, about Zane—”

“Don’t even think about mentioning it, Beatrix.” Parang alam ng ama ang tumatakbo sa isip niya. “Another thing, hindi ka dapat nagsasalita ng gan’on patungkol sa mapapangasawa mo. He didn’t choose you.”

Napahiya siya sa sarili. Sino nga ba siya para piliin ng womanizer na iyon samantalang napakaraming babae ang nagkakandarapa mapansin lang nito.

“Your future father-in-law did. And about Zane, I already spoke with him. Naiintindihan niya ang sitwasyon ninyo kaya wala kang dapat ipag-alala na baka magkagalit ang magpinsan. And, Bea. Castillo si Zane. Kamag-anak siya ni Nathan sa maternal side. Sana naiintindihan mo kung bakit hindi siya puwede. Malinaw na ba?”

“Yes, Papa,” wala sa loob na sagot niya.

Tumayo na ang ama mula sa pagkakaupo sa high back swivel chair. Bago ito tuluyang lumabas ng study room ay niyakap siya nito nang mahigpit at kinintalan ng halik sa noo.

“Thank you, anak,” malumanay na sabi nito. “Para rin sa kinabukasan ninyong magkakapatid ang ginagawa nating ito. Nakalulungkot lang na ikaw ang kailangang magsakripisyo. Huwag kang mag-alala, nandito kami para sa iyo. Nangako rin ang Ninang Alice mo na hindi ka niya pababayaan. She’ll be at your side, always.”

Mommy ni Nathan ang kanyang Ninang Alice. Alam niyang mahal siya nito at totoong hindi siya nito pababayaan. If ever worse comes to worst, nasa likod niya ang sariling pamilya at ang pamilya ng mapapangasawa niya. Ano ang dapat niyang ikatakot?

Hindi kaya maging balakid sa pagsasama nila ang kanilang seven-year age gap? Nathaniel del Rio was very much a man. And he was too much for her to handle.

Bea would admit that she admired his mysterious and authoritative air. Pero dahil doon ay naiilang at naalangan din siya rito. Palagi siyang kinakabahan na hindi mawari kapag nasasalubong ang mariing pagtitig nito sa kanya. Kung minsan, pakiramdam niya ay siya pa rin ang batang takot mapagalitan ni Nathan kaya iniawasan na lang niya ito hangga’t maaari.

Kilala niya ito mula pagkabata dahil magkaibigan nga ang kanilang pamilya pero kailanman ay hindi niya ito naka-close. Pero sa mga nakababata nitong kapatid, palagay ang loob niya at parang kamag-anak na ang turingan nila.

Nathan was... different. Palagi itong seryoso at hindi nakikisali sa bonding moments nila. Kung makihalubilo man ito ay saglit lang at para silang mga batang paslit kung ituring nito.



“Alam kong labag sa kalooban mo ang gagawin nating ito, Nathan,” ani Don Wilfredo sa panganay na anak. Kahit hirap na hirap na itong magsalita ay nagpipilit pa ring makipag-usap. “May oras pa para bawiin mo ang naging pasya mo. Kapag kasal ka na, habang-buhay ka nang nakatali...”

“Hindi na magbabago ang desisyon ko, Dad. Buong puso akong magpapakasal kay Bea.” Marahang ginagap ni Nathan ang malamig at bahagyang nanginginig na kamay ng amang nakaratay sa hospital bed. Bago pa man ito magkaroon ng karamdaman ay naipaliwanag na nito sa kanya ang magiging benepisyo sa parehong pamilya ng magaganap na kasalan.

“Patawad, hijo, hindi ka man lang nakapili

ng mapapangasawa mo. Nangako pa naman akong isa man sa inyong mga anak ko ay hindi ko papayagang matulad sa akin...”

Ang ibig tukuyin ng daddy niya ay ang pagpapakasal nito sa kanilang ina nang walang kalakip na pag-ibig. Nasaksihan niya kung gaano kadalas mag-away ang mga ito noong maliliit pa silang magkakapatid. Ilang beses ding binalak maghiwalay ng mga ito. He could remember their mother accusing their dad of infidelity. Nasa high school na siya nang medyo pumayapa ang pagsasama ng dalawa.

Sinubukan niyang pagaanin ang pag-uusap nilang mag-ama. Maikli na lang ang oras nito at ayaw niyang magugol pa iyon sa anumang alalahanin. Gusto niyang lumisan ang ama na payapa ang kalooban—tiyakin dito na hindi niya pababayaan ang pamilya at ang negosyong pinagbuhusan nito ng pagmamahal at panahon.

“Dad, I had three choices. Si Ria, si Bea o si Anya, hindi na masama. Unlike you, only daughter si mommy kaya wala kang pamimilian.” Nagpilit ngumiti ang amang may sakit. “Pinili ko si Bea dahil alam kong hindi siya mahirap mahalina.”

“At sana matutunan nga ninyong mahalina ang

isa't isa. Gusto kong makita at makausap si Mina. Kung maaari pati ang apo ko, Nathan. Iyon ang kahuli-hulihang pabor na hihingin ko sa iyo." Pabulong ang pakiusap na iyon.

Nag-aalala siguro ang daddy niya na marinig ng kanyang ina ang sinasabi nito. Nakaupo ang mommy niya sa couch na nakasandal sa dingding ng ospital suite.

"Gagawan ko po ng paraan." Silang mag-ama lamang ang nakakaalam ng tungkol kay Mina at sa bata. Paano niya ipaliliwanag sa pamilya ang biglang pagsulpot ng dalawang iyon dito sa hospital?

Bahala na, ipapakilala na lang niyang malapit na *kaibigan* si Mina. Maiintindihan naman siya ng babae dahil alam nito ang sitwasyon.

"Salamat." Pumikit na ang daddy niya.

Malaki na ang inihulog ng katawan nito mula nang magpabalik-balik sa ospital dahil malala na ang sakit, Stage four colon cancer. Ang sabi ng doctor linggo na lang ang itatagal nito, pero sa nakikita niyang kalagayan ng ama ay parang handa na itong lumisan. Maputla ito at wala nang lakas ang mga kalamnan.

Kinuha niya ang cellphone sa bulsa at kinontak

si Mina. Nandito ngayon sa Quezon City ang babae pero hindi nito kasama ang bata. Nang walang sumagot sa tawag niya ay nagpadala na lang siya ng mensahe.

“Nathan.” Nilingon niya ang ina nang marinig ang pagtawag nito sa pangalan niya. “Halika, hijo.” Lumapit siya sa sitting area kung saan naroon din ang mama ni Bea na matalik na kaibigan ng ina. “Tessie and I were just talking about the engagement. Payag si Bea na wala nang engagement party at gawin na lang family event ang okasyon. She understands our situation.” Nilingon nito ang may sakit sa kama. “Napakasuwerte mo kay Bea, hijo – maganda na mabait pa at very considerate.”

But she doesn't love me.

Hindi lang basta maganda si Bea, napakaganda. Maamo ang mukha nito na binagayan ng mabibilog na mga mata, matangos na ilong at natural na mapulang mga labi na parang kay sarap halikan. Dalagita pa lamang ito ay halata na ang gandang iyon. Pakiramdam nga lang niya ay masyado itong bata para ligawan niya at isama sa hanay ng mga babaeng nakarelasyon.

“Dahil manang-mana kay Tita Tessie,” tukoy niya sa future mother-in-law. Umupo siya sa tabi

ng ina at ipinatong sa center table ang cellphone.

“Totoo ngang napakabolerong mong bata ka,” natatawang sabi ng ina ni Bea. “Anyway, start calling me ‘Mama,’ hijo. Mas mabuting maaga mong makasanayan.” Tumingin ito sa kaibigan. “So, paano, okay na ba sa inyo na sa Sabado na ganapin ang family dinner?”

“What do you think, Nathan?”

“Masyado pong maaga. Hindi po ba puwedeng i-delay nang kaunti?” Pinaglipat niya ang tingin sa dalawa. Inaalala lang naman niya ang damdamin ni Bea. Baka masyado itong mabigla sa bilis ng pangyayari.

Bago pa niya nalaman na kailangan nilang magpakasal ay sinusubukan na niyang kunin ang loob nito, pero halatang ilag sa kanya ang dalaga.

“What do you mean?” nagdududang tanong ng ina. “Hindi ka puwedeng umurong sa kasalang ito, Nathan.”

“Hindi ako uurong, Mommy. Gusto ko lang hinay-hinay, baka ma-shock si Bea.”

“You have nothing to worry about. My daughter understands perfectly.”

“Mabuti po kung gayon,” aniya sa magiging biyenang. “Pero ang gusto ko lang sana ay madaanan

namin ni Bea ang lahat ng stages... from courting to engagement to marriage, build a foundation for our relationship. Gusto ko muna siyang ligawan.”

“May punto ka, hijo. How thoughtful of you—”

Naputol ang iba pang sasabihin ni Tessie nang tumunog ang cellphone ni Nathan. Silang tatlo ay parang nagkaisang basahin ang pangalan ng caller na nakarehistro sa screen. Si Mina iyon. Nagdalawang-isip tuloy si Nathan kung sasagutin ito o hindi.

“Kaibigan ko po. Excuse me.” Nagmamadali niyang dinampot ang cellphone. Lumapit lang siya sa bintana at doon kinausap ang caller. “Hi, Mina. Naistorbo ba kita? Importante lang.” Habang nakikipag-usap sa telepono ay palihim niyang sinusulyapan ang dalawang kausap kanina. Mukhang pinagdududahan ng mga ito ang pangalang nabasa sa cellphone niya.

Panay ang iling ni Tita Tessie habang ang mommy niya ay matalim ang tingin na ipinukol sa kanya.

Dahil doon ay nagpaalam na siya kay Mina at sinabing tatawag na lang uli. Baka kasi lalong mag-isip ng masama ang dalawa kung lalabas pa siya ng kuwarto para makipag-usap lang sa isang

kaibigan.

“I won’t tolerate you having another woman, Nathan,” prangkang salubong sa kanya ng ina ni Bea. “Kahit pa payag ang anak ko sa ganoong kondisyon, ibahin mo ’ko.”

Ang mga babae talaga, iisa ang takbo ng isip. Masyadong mapagduda. Kaya nga ba umabot siya ng thirty-two na hindi pa nag-aasawa. Ayaw na ayaw niyang may nakikialam sa bawat kilos niya. Ayaw niya sa babaeng selosa at nagger na ang gusto ay palaging masunod ang bawat kapritso.

“Lalong hindi ako makakapayag,” mariing pahayag ng inang si Alice. “Parang anak ko na rin si Bea, Nathan. Hindi ko mapapayagang maranasan niya ang sakit ng pagtaksilan ng asawa. Hijo, huwag na lang nating ituloy ang kasal kung magloloko ka lang din katulad ng Da—”

“Mom,” mahinahong sansala niya sa pagsasalita nito. Mawawala na lang ang ama niya, hindi pa rin mawaglit sa isip ng ina ang pagkakamali nito.

Naiintindihan ni Nathan ang damdamin ng ina kahit na madalas ay wala na sa lugar ang pagdududa nito.

“Kaibigan ko lang si Mina. Kung may relasyon mang namamagitan sa amin, rest assured it’s not

romantic. Okay?”

Ito na nga ba ang sinasabi niya. Isa pang dahilan kung bakit ayaw niyang mag-asawa ay dahil sa nakakakunsuming ugali ng mga babae na palaging nagde-demand ng explanation. Basta kinutuban ang mga babae, obligadong mag-explain ang mga lalaki kahit na wala namang ginagawang masama.

May kausap lang sa telepono, nagtataksil na kaagad? For goodness' sake! Parang nakikita ko na kung ano'ng magiging sitwasyon ng pagsasama namin ni Bea.

“Not quite. Better tell your *friend*, son, you are getting married. Mas gugustuhin ko pang mawala ang negosyong pundar pa ng mga magulang ko, maghirap at mamatay sa gutom kaysa makitang masira pareho ang buhay ninyo.”

Women! Isang phone call lang ang pinag-umpisahan ng diskusyong ito. Umabot na hanggang sa pagkasira ng buhay. Pinili na lang manahimik ni Nathan.

Hindi rin naman kakayanin ng konsyensya niya na mawala sa pamilya nila ang negosyo at maghirap ang ina at mga kapatid. Siya ang panganay sa kanilang tatlong magkakapatid at aakuin niya ang responsibilidad na maiiwan ng

ama.

May masamang balak sa kompanya ang isa sa mga major stockholders. Mr. Arnulfo Saavedra was planning a takeover. Sa pamamagitan ng secret buying ay unti-unti nitong nakukuha ang shares ng mga minor stockholders. Magiging delikado ang posisyon nila kapag nalampasan ni Mr. Arnulfo Saavedra ang tig-twenty percent na share ng del Rio at Fernandez. The easiest solution was the merging of assets through marriage.

CHAPTER *Two*

“Come in,” ani Bea nang marinig ang marahang pagkatok sa kanyang kuwarto. Kasalukuyan siyang naggagayak para sa dinner date nila ni Nathan. Madalas magpadala sa kanya ng bulaklak ang binata sa opisina. Parang tunay na tunay ang panliligaw.

Mama niya ang pumasok. “Are you done? Nariyan na si Nathan, hija.” Binistahan nito ang suot niyang cocktail dress. It was asymmetrical, highlighting her sexy collarbone and showing off her lovely shoulder. Three inches above the knee ang haba at sapat na ang nakahantad na bahagi ng makinis niyang binti para pukawin ang imahinasyon ng sinumang makakakita. “You’re

so gorgeous tonight, darling. It won't be long before Nathan falls in love with you. Mukhang pinaghandaan mo ang gabing ito."

"Mama! Baka marinig ka ni Nathan sabihin pa n'on inaakit ko siya," nakasimangot niyang tugon habang isinusuot ang high-heeled strappy sandals.

"What's wrong with seducing your future husband? Dapat mo talagang gawin iyon para manatili siyang interesado sa iyo."

"Ma, ni hindi ko nga alam kung anong mga bagay ang nakakapagpasaya sa kanya o kung ano ang mga gusto niyang gawin. I'm clueless where he's concerned."

"Kaya nga nililigawan ka niya, Bea. Alam mo ba, gusto niyang makapag-adjust ka bago kayo magsama. All you have to do is to play your part and everything will fall into place. Ipangako mo sa akin na pakikitunguhan mo nang maayos ang mapapangasawa mo, anak."

"I promise." Wala siyang ibang choice kundi pakisamahan ito.

"Good." Tinulungan siya nitong magsuot ng kuwintas. "You're lovely. Nathan will be proud. Pero huwag mo na itong isuot." Inalis ng ina ang suot niyang singsing sa isang daliri. "Siguradong

may ilalagay rito mamaya si Nathan.”

Nauna nang bumaba ang mommy niya.

Ibayong paghahanda ang ginawa niya para sa gabing ito. Kulang na lang ay magpa-makeover siya. It was not as if she could turn into a sophisticated woman in one day. Pero tingin ni Bea, sapat ang oras na inilaan niya sa spa para bumagay ang aura niya sa guwapong thirty-two-year-old bachelor. In fairness, hindi mature tingnan si Nathan. Parang nasa late twenties lang nito ang lalaki.

Hindi tumanda ang hitsura ni Bea sa bagong hairdo. Mas naging career woman lang ang dating—puwede nang ihanay sa mga nakikita niyang idini-date ni Nathan.

Final touch... perfume. She chose something with a floral scent. Ang sabi sa nabasa niyang article, *men are like bees, they are attracted to the scent of flowers.* Kabado siya ngayong gabi pero kailangan niyang mag-focus sa goal. Kailangang maging kaakit-akit siya sa paningin ni Nathan. Basta ang gusto niya ay makuha ang buong atensyon ng mapapangasawa ngayong gabi.

“Good luck, Beatrix.” Nginitian niya ang sarili sa salamin bago nagpasyang bumaba sa living room kung saan naghihintay si Nathan.



“Has anyone told you how beautiful you are, sweetheart?” Matamis ang pagkakangiting ni Nathan kay Bea. Napansin niyang nagkulay rosas ang mga pisngi ng dalaga sa kanyang sinabi. Well, kailangan na nitong masanay na marinig ang ganoon sa kanya lalo na kapag mag-asawa na sila. “And you’re looking exceptionally lovely tonight.”

Itinago ni Bea ang ngiti. “Mama and Yaya Nita told me the same thing.” At kinumpirma mismo ni Nathan ang sinabi ng mga ito.

Sulit ang effort niya dahil mukhang nakuha niya ang buong atensyon ng binata. Pakiramdam niya ay siya ang pinakamagandang babae sa loob ng restaurant na pinagdalan nito sa kanya.

Hindi iisang beses na nahuli niyang nakatitig si Nathan sa kanyang hubad na balikat bago dumako ang mga mata nito sa puno ng kanyang dibdib. Pero mabilis din nitong binabawi ang tingin.

Kung noon pa niya nalaman na may effect pala ang charm niya sa seryosong lalaking ito, siguro ay normal na ligawan ang mayroon sila ngayon at hindi panggap lang.

“Naunahan nila ako, kung gan’on. But I still have to say, napakasuwerte ko ngayong gabi dahil

ka-date ko ang isang napakagandang babae.”

Inabot ni Nathan ang kamay niyang nakapatong sa mesa, dinala iyon sa bibig nito at masuyong hinagkan. Hindi niya inaasahan ang ginawa nito. Muntik na niyang nahila ang kamay dahil parang napaso siya sa mainit na mga labing dumampiroon.

Hindi ito ang unang pagkakataon na may humalik sa kanyang kamay, pero iba ang pakiramdam nang si Nathan ang gumawa niyon. Parang may mumunting kiliting hatid ang pagsayad ng bibig nito sa kanyang balat.

How much more if he'll kiss my lips? “Tapusin na natin itong dessert,” sabi na lang niya para pagtakpan ang kaba.

Noong nasa high school pa lang siya, may secret crush siya kay Nathan. Tingin niya, hindi lumalim ang pagtingin na iyon dahil nangibang bansa si Nathan para kumuha ng master's degree sa Business Administration.

At siguro, lagi niyang iniisip na mahirap abutin ang binata. Lagi niya ring naiisip ang agwat ng edad nila. Idagdag pa na maraming magagandang babaeng napapaugnay rito noon samantalang siya ay bago pa lang natutuklasan ang attraction sa

opposite sex.

But when he kissed her hand tonight, she felt like all her old feelings for him returned. At sigurado siyang hindi na lang iyon basta crush.

Right after their dessert, inilabas ni Nathan ang singsing. Malamang ay ipinaalam ng binata sa mama niya ang tungkol doon.

“Please take this ring as a symbol of my commitment to you, Beatrix.” Maingat nitong isinuot sa kanyang daliri ang diamond solitaire engagement ring.

Symbol of commitment, hindi love? Kaysa masira ang moment, isinantabi na lang niya ang napansing hindi normal sa sinabi nito. Tutal higit pa sa inaasahan niya ang ginagawang effort ni Nathan para makapagsimula sila nang maayos.

“Thank you. I like it.” Inaasahan niyang hahagkan siya ng nobyo kahit sa pisngi man lang pero hindi iyon naganap. Sa halip ay niyaya siya nitong magsayaw na malugod niyang pinaunlakan.



Lilang pares lang ang nagsasayaw sa dance floor kaya maluwag pa iyon lalo na at sweet ang tugtog. Bawat pareha ay tila may sariling mundo at walang ibang nakikita sa paligid kundi ang kasayaw.

Ganoon sana ang gusto ni Nathan. Gusto niyang makita siya ni Bea bilang isang potential lover sa halip na older brother.

Iginiya ni Nathan si Bea sa puwesto kung saan may privacy pa rin sila para makapag-usap. He put his hands on her hips while she reluctantly put her hands on his shoulders.

“Hindi ito ang unang pagkakataon na magsasayaw tayo, hindi ba?” sabi niya sa dalaga para maalis ang pagkailang nito. Ang una at huling pagkakataon na naisayaw niya si Bea ay noong eighteenth birthday nito.

“Yes. ’Yung first time na isinayaw mo ako, napilitan ka lang.” Sumilay sa mga labi nito ang isang pilyang ngiti. “Proxy ka ni Tito Wilfredo dahil nirarayuma siya that time.”

Bea was smiling up at him and he was finding it hard not to kiss her. Bahagya itong nakatingala sa kanya habang nakapatong ang mga palad sa kanyang mga balikat. Gasino na lang yumuko siya para matikman ang mga labi nitong kanina pa niya pinagmamasdan. Pinigil niya ang nararamdamang pagnanasa at itinuon ang isip sa pagsasayaw.

“Paanong hindi ako mapipilitan, hindi naman ako imbitado,” kunwa ay nagtatampong sabi niya.

“Ang nakasulat ba sa invitation ay *To Ninang Alice del Rio and Family except Nathaniel?* At saka ipinadala ka ng company sa Boston noon kaya hindi ka naisali sa *eighteen candles*.”

“Oo nga pala, naalala ko na,” natatawang sabi niya.

He tried to captivate her with his lethal smile. Walang epekto. Nag-iwas lang ito ng tingin at lumampas ang mga mata sa kanyang balikat. Napakunot-noo siya. Ano kaya ang tinitingnan nito sa gawing likuran niya? May karapatan na siya ngayong malaman kung kanino iniuukol ni Bea ang atensyon nito dahil magkasintahan na sila. He maneuvered their moves so he could get a glimpse of what caught her eye.

Damn! Noon niya na-realize na nasa dance floor din si Zane at dalawang pares lang ang nakapagitan sa kanila. Muli niyang ibinalik ang dati nilang posisyon para mapag-aralan pa ang reaksiyon ni Bea. Hindi kaya hinihiling ngayon ni Bea na si Zane na lang sana ang kasayaw kaya panay ang sulyap nito sa gawi ng lalaki?

Nag-init ang ulo niya sa naisip. Kailangang tumatak kay Bea na siya, si Nathan, ang kasayaw nito at kayakap ngayong gabi. He wrapped his

hands around her lower back and pulled her a little closer. Napangiti siya nang maramdaman ang reaksyon nito sa ginawa niya. Nahigit nito ang hininga at natensyon ang katawan nito. Ang mga kamay nitong nasa balikat niya ay bumaba sa kanyang dibdib na parang gustong pigilan ang paglalapat ng kani-kanilang katawan. Nagustuhan niya ang sensasyong hatid ng mga palad nitong dumidiin sa kanyang dibdib.

I can wait till you're ready, sweetheart. We'll take it one step at a time.

“Look at me,” utos niya. Hinawakan niya ito sa baba at itiningala sa kanya. “I want to kiss you...” Kung tatanggi ito ay hindi niya ipipilit ang gusto.

“S-sure,” she said submissively.

Nakatingin ito sa kanya nang derecho. Sana ay hindi lang paningin at atensyon ang ipagkaloob sa kanya ni Bea kundi maging ang puso nito. Gagawin niya ang lahat para maging mabuting kabiyak nito.

Dahan-dahan niyang ibinaba ang mukha para hagkan ang dalaga sa unang pagkakataon. Bago pa man maglapat ang kanilang mga labi ay napapikit na ito na tila nilalalahan ang tamis ng kanilang unang halik. He deepened the kiss as he pulled her closer to his body. Her hands slid

to his nape. It was his turn to tense up when her soft body pressed against his. Naramdaman niya ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso habang nilalaliman ang halik.

Pareho silang halos mapugto ang hininga nang maghiwalay ang kanilang labi.

“I almost forgot were in a public place,” ani Bea habang nakatingin sa kanya, may nahihiyang ngiti. Pagkuwa’y lumingon ito sa direksyon ni Zane.

Damn you, lady, itinalikod na nga kita sa kanya nilingon mo pa rin! Ayaw niyang mag-isip ng masama pero hindi niya gusto ang ikinikilos ni Bea. Bakit kailangang lagi nitong tingnan si Zane gayong siya ang kasama nito?

Nagpupuyos ang kaloobang niyaya na niya itong umuwi. “It’s getting late. Ihahatid na kita.”

“Okay.” Kumapit ito sa braso niya.

Sinadya niyang dumaan sa gawi ng pinsan niya at ng kasama nito. Mukha namang hindi aware si Zane na naroon din sila ni Bea. Nagulat pa ito nang bahagya niyang tapikin sa braso. As for his girlfriend, wala itong kakaibang reaksyon.

Gayunpaman kailangan pa rin niya itong turuan ng leksiyon. Dapat na matatak sa isip nito na magkasintahan na sila at wala na dapat puwang

ang sinumang lalaki sa isip at puso nito maliban sa kanya. He had something in mind kung paano maisasaulo ng nobya ang katotohanang iyon.

Pagkasakay nila ng kotse sa parking area ng restaurant ay hindi niya agad pinaandar ang sasakyan.

“Sino’ng iniisip mo kanina habang hinahalikan kita?” seryosong tanong niya. “Don’t lie to me, Bea. Nakita kita kaninang hindi mapakali habang nakatanaw kay Zane.”

Halatang nabigla sa tinuran niya ang nobya at nang sumagot ito ay may lakip din na iritasyon. “Siyempre, ikaw. Ano ba namang klaseng tanong ’yan, Nathan?”

“Ayoko lang na ipagkakamali mo ako sa ibang lalaki. And don’t ever think na limitado lang sa pinsan ko ang sinabi ko. Tawagin mo akong egoistic, seloso, possessive o anupaman, bahala ka. Basta, what is mine is mine. Am I making myself clear, sweetheart?”

“Crystal.” Hindi niya makita ang reaksiyon nito dahil medyo madilim sa loob ng kotse at sa labas ng bintana ito nakatingin.

“Look at me.” Hinintay niyang bumaling ito sa kanya bago siya muling nagsalita. “Patunayan mo

sa akin ang sinabi mo.” Hovering his lips above hers, he demanded, “Kiss me, sweetheart.”

She gently touched his face with one hand and then smoothly brushed her lips to his mouth. Nangiti siya sa ginawa nito. Akala yata nito ay high school student siya na makukuntento sa ganoong tipo ng halik.

“That’s lame,” pintas niya. Pero ang totoo ay bitin lang siya. Ang gusto niya ay isang mainit at mapusok na halik na hindi nito makakalimutan na siya ang nobyo nito.

“Sorry. I will just follow your lead.”

Ah, siya pala ang lame kisser, kung ganoon? Makikita ng babaeng ito...

“Let’s see how you deal with this.” At sinakop niya ang bibig nito nang walang anumang pagsuyo. Nasiyahan siya nang maramdaman ang pagtugon nito. Lowering his mouth to the side of her neck, he inhaled her sweet scent as he kissed her pulse. Naglakbay ang kanyang kamay sa balingkinitan nitong katawan hanggang sa mga bahaging ninasa niyang damhin kaninang halos magkayakap silang sumasayaw.

“Nathan...” saway nito nang dumako ang kamay niya sa laylayan ng maiksi nitong bestida.

“I think you need a quick lesson about the consequences of wearing a provocative dress, sweetheart.” Pero nagkasya na lamang siya sa paghaplos sa bahagi ng makinis nitong hita na nakalitaw.

Gayunman, patuloy ang dalaga sa marahang paghaplos sa kanyang dibdib, parang sinusubukan siya. Siguro mas kailangan niya itong pangaralan na huwag siyang tuksuhin. Pero saka na. Sa ngayon ay mas gusto niyang halikan at yakapin ang babaeng mapapangasawa.

He lowered his head to her face and kissed her again. He traced her lips with his tongue. He deepened the kiss and she leaned into it. She clutched at his shirt. His lips moved to the side of her neck and then to her bare shoulder.

Kung hindi pa siya titigil ngayon ay baka mauna ang honeymoon sa kasal. Hirap ang loob na binitawan niya ito at umayos na ng upo sa harap ng manibela.

“Let’s get you home.”

CHAPTER *Three*

*N*apagtanto ni Bea na hindi naman pala kasing-hirap ng inakala niya ang magiging pakikipagrelasyon kay Nathan. Ang totoo, kung nanligaw ito sa kanya noon gaya ng ginagawa nito ngayon, 'yes' pa rin ang isasagot niya kahit na hindi sila obligadong magpakasal.

Sa palagay niya ay hindi siya mahihirapang mahal in si Nathan. Iyon ay kung hindi niya pa mahal ito. Gusto niyang paniwalaan na malapit pa lang mahulog ang loob niya sa binata.

Nasundan pa ng ilang beses ang nauna nilang paglabas pero hindi na naulit ang mainit na tagpong halos tumupok sa kanilang katinuan. Hinahalikan pa rin siya ng nobyo pero sa pisngi

na lang o kung sa mga labi man ay mabilis at padaplis lamang. Iniisip tuloy niya na baka hindi nagustuhan ni Nathan ang paraan ng paghalik niya.

“I know I’m not an expert kisser...” himutok niya sa sarili. Parang gusto tuloy niyang pagsisihan ang pagiging mahigpit niya sa mga nakaraang nobyo.

Napangiti siya nang maalala kung paano siya pinagsabihan ni Nathan tungkol sa kanyang suot noong unang gabing lumabas sila. Masyado raw daring at medyo maikli.

“When we’re married, ayoko nang nakikitang nagsusuot ka ng mga provocative na damit. And I suggest na habang hindi pa tayo ikinakasal, sanayin mo nang huwag magsuot ng ganyan.”

Sa sarili niyang standard ay hindi matatawag na provocative ang alinman sa mga damit niya. “As if hindi siya nag-enjoy sa *view*,” pilyang sabi niya sa sarli. Ngayon may alam na siyang weakness ng nobyo.

“The only place I will allow you to wear something seductive or daring is inside our bedroom. Akitin mo ako hanggang makuntento ka, okay lang. Pero huwag na huwag kang magsusuot ng damit

para sa ibang lalaki.”

“Opo...” ulit niya sa sagot dito noon. One of these days, lilinawin niya sa lalaki na hindi siya nagsusuot ng ganoon para sa kanino pa man. If she dressed up for him, it was beside the point. She dressed to please herself, first and foremost.

Hindi siya makapaniwalang conservative pala ang tipo nito sa isang babae. Pero bakit lahat ng napabalitang nobya nito ay parang hindi naman?

Isinantabi na lang muna ni Bea ang tanong na iyon. Sooner or later matutuklasan din niya ang sagot. Tatal, habang nakakasama niya si Nathan ay mas nakikilala niya ang ugali nito.

Hinarap na niya ang nakabinbing trabaho. Nagpasya siyang sundin ang payo ng mama niya at ng kanyang Ninang Alice na pansamantalang tumigil sa pag-oopisina habang nagsisimula pa lamang sila ni Nathan. Ayon sa dalawa, kung gusto niyang mag-work out ang pagsasama nila bilang mag-asawa ay kailangan niyang magsakripisyo.

Pansamantala lang naman ang gagawin niyang pagtigil sa pagtatrabaho. Para lang mabigyan ng panahon ang esposo. Kapag pareho na silang nakapag-adjust ay puwede na siyang bumalik.

Noon pumasok sa opisina niya ang amang si

Don Roberto.

“Hi, Pa! Kumusta ang meeting? May newly elected chairman na ang kompanya?” Ang current chairman ng *Cosmopolitan Bottler Corporation* ay ang daddy ni Nathan, subalit nang maging bedridden ito ay humalili sa posisyon ang papa niya na vice chairman.

“Hindi natuloy ang election, hija,” malungkot na saad ng ama. “Absent si Nathan. Hindi na nila maiwan si Wilfredo dahil... alam mo na.”

Napatango siya. Ikinalungkot niya ang balitang iyon dahil noon pa man ay malapit na ang loob niya kay Tito Wilfredo. Para na rin niya itong tunay na ama. “Siguro kailangan naming pumunta ni Mama sa hospital ngayon. What do you think, Papa?”

“Kanina pa naroon ang mama mo para alalayan si Alicia. Naghihisterya kasi ang ninang mo. Kapag inatake sa puso ang isang iyon baka mauna pa kay Wilfredo.”

Mahina ang puso ng Ninang Alice niya. Ilang taon pa lang ang nakalilipas nang sumailalim ito sa isang open-heart surgery.

“Sinadya kita, hija, dahil may isa pa akong importanteng sasabihin sa iyo. Hindi ko alam kung

good o bad news ang magiging dating nito sa iyo.”

“Tungkol ba sa kasal, Pa?” Kung mapo-postpone ang kasal, honestly, undecided din siya kung good o bad news nga iyon. Na-absorb na ng sistema niya na magiging Mrs. Nathaniel del Rio na siya.

“Oo. I’m afraid bago matuloy ang chairmanship election, kailangan na ninyong magpakasal ni Nathan.” Huminga ito nang malalim bago nagpatuloy, mukhang kunsumido at problemado. “May sumasabotahe sa kumpanya. Tiyak iyon. May nagaganap na secret buying ng stock. Kung si Arnulfo ang may pakana nito, magiging twenty-five percent na ang total share niya. He can now control and manipulate the business dahil siya na ang biggest shareholder. Damn that sly bastard!”

Isa lang ang ibig sabihin niyon. Kailangan nang i-merge ang assets ng del Rio at Fernandez para maging secure ang posisyon ng kani-kanilang pamilya sa *Cosmopolitan Bottlers*.

“Walang problema sa akin, Papa. Nakahanda na ako sa bagay na iyan.” Tatal doon din lang papunta, bakit patatagalin pa? “Ask the del Rios kung ano’ng desisyon nila. It’s not as if we’re expecting a grand wedding. Siyempre, hindi angkop mag-celebrate

sa kalagayan ni Tito Wilfredo ngayon.”

“Praktikal at hindi mapamahiin si Kumpadre. At kung ano ang makabubuti sa kompanya, iyon ang gugustuhin niya. Prepare yourself, Beatrix. The wedding will take place sooner than later.” Tumunog ang cellphone nito at kinuha iyon ng ama mula sa bulsa ng coat nito. “Ang mama mo,” sabi nito bago sinagot ang tawag. “Yes, dear?”

Base sa expression sa mukha ng ama, walang dudang isang di magandang balita ang natanggap nito. Mabilis lang ang ginawa nitong pakikipag-usap at pagkatapos ay niyaya na siyang magtungo sa ospital. “Wilfredo is gone.”



Habang isinasagawa ang huling misa para kay Tito Wilfredo ay may babaeng kanina pa sinusulyapan si Bea. Paano, mukhang espesyal ang atensyon na ibinibigay rito ni Nathan. Alam niyang hindi kamag-anak ng mga del Rio ang babae, pero pinaupo ito ni Nathan sa puwestong para lamang sa malalapit na kamag-anak.

Hindi puwedeng ako lang ang dapat maging faithful, Nathan.

Minsan pa niyang sinulyapan ang babae. Hindi nga lang niya masyadong mabistahan ang

mukha dahil may suot itong shades, pero hindi maitatangging maganda ito. Simple itong manamit at... Conservative.

Ang tipong babae ni Nathan.

Pasimple niyang hinila pataas ang neckline ng suot niyang blouse. Medyo mababa ang ukab niyon kaya nahahantad ang kanyang cleavage.

“What’s wrong, Bea? Parang hindi ka mapakali,” sita ng mama niya. “Malapit nang matapos ang misa.” Iniabot nito sa kanya ang abaniko sa pag-aakalang naiinitan siya.

Ginamit na rin niya ang pamaypay. Hindi pa rin talaga maalis ang atensyon niya sa mysteryosang bisita. Napansin niyang pantay tuhod ang haba ng suot nitong A-line gray dress. May manggas at katamtaman ang lalim ng neckline. She was wearing pearls around her neck and it made her look very classy.

Palihim niyang tinaasan ng kilay ang babaeng mukhang kagalang-galang. Pantay tuhod din naman ang skirt niyang suot pero may slit iyon sa gilid na aabot hanggang kalahati ng hita.

Hindi niya masyadong sineryoso ang dress code na gusto ni Nathan. Pero ngayong nakita na niya kung paano manamit ang karibal sa puso nito,

naisip niyang kailangan na niyang mamili ng mga bagong damit.

She sighed. So much for dressing to please herself.

Sa front row nakaupo ang Ninang Alice niya katabi ang private nurse. Mabuti na lang at nawalan lang ito ng malay noong puntahan nila sa ospital at hindi tuluyang inatake sa puso. Sa gawing kanan nito ay ang magkakapatid na Liz, Rovic at Nathan.

Ilang sandali pa at idineklara ng pari ang huling sulyap ng pamamaalam sa yumao. Doon nakumpirma ni Bea na tama ang hinala niya—may relasyon si Nathan ang babae! Kung wala, bakit kailangan pa nitong sunduin sa upuan at alalayan papunta sa casket ang babae gayong wala naman itong kapansanan?

Huwag na huwag lang akong bibigyan ng palusot na magkaibigan lang ang dalawang iyan dahil talagang hindi ako maniniwala! Lalong nagpuyos ang kalooban niya nang makitang hinaplos ni Nathan ang likod ng babae nang sumilip ang mga ito sa namayapa.

She remembered how those hands of his caressed and held her as if she was the only woman that mattered to him. *Ang mga lalaki talaga hindi*

makuntento sa isa.

“Bea,” untag ng mama niya. “Make sure you keep an eye on that woman. Don’t worry, anak, maka-recover lang ang Ninang mo, tutulungan ka naming mawala sa pagitan ninyo ni Nathan ang babaeng iyan.”

“Sinong babae, Ma?” patay-malisya niyang tanong. Ayaw niyang may ibang makaalam na nagseselos siya. Ayaw niyang kaawaan ng sinoman.

Naiiling na tinitigan siya ng ina. “Dear, hindi mo kailangang itago ang nararamdaman mo. Kung nagseselos ka, normal ’yon. At sinasabi ko rin sa iyo, karapatan mo ’yon. Palipasin mo muna ang pagluluksa para sa Tito Wilfredo mo bago mo komprontahin si Nathan. Kung hindi mo kayang gawin mag-isa, magsabi ka sa ninang mo.”



“Nathan, I know that you and your family are still grieving, pero kailangan na nating pag-usapan ang tungkol sa bagay na ito. I hope you understand, hijo.”

“Naiintindihan ko, Tito Roberto.”

“Kailangan n’yo nang magpakasal ni Bea sa lalong madaling panahon.”

“How soon, Tito?” *Ready na kaya si Bea? Sa*

tingin ko hindi pa namin lubos na kilala ang isa't isa.

“Bago mag-resume ang session ng Board of Directors. Nag-file na ng candidacy para sa chairmanship si Arnulfo. Indikasyon na iyon na siya ang nagmamay-ari ng unnamed shares.”

“Hindi siya puwedeng maging chairman. Lulustayin lang niya sa sugal ang pera ng kompanya.” When it rains, it pours. Talagang nagsabay-sabay ang mga problema niya. Posibleng magkaroon ng hostile takeover sa negosyo, may sakit ang kanyang ina, may problema si Mina.

At si Bea... paano niya mabibigyang panahon ang simula ng pagsasama nila bilang mag-asawa?

“That’s why we need to take action. You need to get married before the election. Sa gayon, makakasiguro tayong tayo pa rin ang may biggest share sa kompanya.”

“Ayos lang sa akin, Tito. What about Bea?”

“Nakausap ko na siya. Pasya mo na lang ang hinihintay.”

Sana ay maging maayos ang pagsasama nilang mag-asawa kahit na manipulado at naapura ang mga pangyayari sa buhay nila.